

ABISO SA WALANG DISKRIMINASYON AT AKSESIBILIDAD

Ang Opsam Health ay nagbibigay ng magalang at madaling ma-access na pangangalaga sa lahat ng pasyente. Mayroong libreng serbisyo ng interpreter at tulong sa komunikasyon para sa mga may kapansanan.

Ang Aming Pangako

Sumusunod ang Opsam Health sa mga naaangkop na pederal at mga batas ng California tungkol sa karapatang sibil.

Ang Opsam Health ay hindi nangdidiskrimina, nagbubukod, o nagbibigay ng ibang pagtrato sa mga pasyente dahil sa:

- Lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, ninuno, o pagkakakilanlan ng pangkat etniko
- Relihiyon, edad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, pagkakakilanlan sa kasarian, o pagpapahayag ng kasarian
- Katayuang sibil, kapansanan, kondisyong medikal, o impormasyong henetiko
- Pagkamamamayan, katayuan sa imigrasyon, pangunahing wika, pinagmumulan ng bayad, o anumang iba pang katayuang protektado ng batas

Libreng Tulong sa Wika at mga Serbisyo sa Accessibility

Nagbibigay ang Opsam Health ng libreng tulong sa mga pasyenteng nangangailangan ng tulong sa pakikipag-ugnayan sa amin, kabilang ang:

Para sa mga pasyenteng may kapansanan

- Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
- Nakasulat na impormasyon sa malaking letra, naa-access na elektronikong format, o iba pang makatwirang format
- Iba pang makatwirang pagbabago, pantulong na kagamitan, o serbisyo kapag kinakailangan

Para sa mga pasyenteng ang gustong wika ay hindi Ingles

- Mga kwalipikadong interpreter
- Nakasaling impormasyon kapag available o kinakailangan
- Tulong sa pag-unawa sa mga form, abiso, at impormasyong pangkalusugan

Libre ang mga serbisyong ito. Sabihin sa aming empleyado kung kailangan mo ng tulong.

Paano Humiling ng Tulong o Maghain ng Hinaing

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Opsam Health ang mga serbisyong ito o nagdiskrimina laban sa iyo, maaari kang makipag-ugnayan sa:

Mga Karapatang Sibil ng Opsam Health/ Kontak sa Pagsunod	Departamento ng Pagsunod
Tirahan	637 3rd Avenue Suite E1, Chula Vista, CA, 91910
Telepono	(209) 683-5057
Email	compliance@opsam.org
Mga Tala	Maaari kang maghain ng hinaing nang personal, sa koreo, sa telepono, o sa email. Tutulungan ka ng Opsam Health kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng hinaing.

Maaari Ka Ring Maghain ng Reklamo sa Karapatang Sibil sa sulat, sa koreo, o sa office for Civil Rights Complaint Portal

U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights

Address: 200 Independence Avenue, SW Room 509F, HHH Building Washington, D.C. 20201

Online Complaint Portal: <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>

Phone: 1-800-368-1019 TDD: 1-800-537-7697